



Proteksyon para sa iyo at sa pamilya! National Health Insurance

Mga dayuhang may resident status ng 3 buwan pataas ay inu-obligahang kumuha ng national health insurance. Mahalaga ito sa proseso ng visa extension.

May 2 klase ng health insurance, National Health Insurance at Employee Health Insurance/Social Health Insurance. Ang Employee health insurance ay para sa mga empleado ng kumpanya at ang National Health Insurance ay para sa iba pang mga tao. Tatalakayin natin dito ang tungkol sa National Health Insurance.

Sa pag-aply para sa national health insurance ay kailangan ang resident card o special resident cert.

Mag-aply sa National Health Insurance Section ng city hall.

Sa pag-aply ay iisyuhan ang kada miyembro ng sariling health insurance card (tingnan ang litrato sa itaas). Ang card ay ipapadala sa koreo sa inyong tirahan pagkalipas ng ilang araw.

Kung kayo ay lumipat ng tirahan o ipinasok kayo sa health insurance ng kumpanya (o tumigil) at iba pa, ipaalam sa city hall. Gayundin kung babalik na sa sariling bansa at nais itong ipatigil, o kaya kung may bagong panganak na sanggol sa pamilya, at iba pang pagbabago ay ipaalam sa city hall.

Dalhin ang inyong Health Insurance Card sa pagpapagamot sa ospital o klinika

Kung may Health Insurance Card, ang babayaran sa pagpapagamot ay 30% ng buong halaga ng singil. Pero kung wala ay buong halaga ang kailangang bayaran kung kaya't mag ingat na huwag kalimutan. Magagamit din ito sa taunang specific medical checkup para sa may edad na 40~74 taong gulang at ang babayaran ay 1000 yen lamang. Makakakuha din ng lump sum sa panganganak at pagpapalaki ng bata. Gayundin para sa gastusin sa pagpapalibing.

Ang babayaran sa National Health Insurance tax ay ibabase sa kita noong nakaraang taon at ang bilang ng miyembro ng pamilya na nakapasok sa insurance.

Ang National Health Insurance ay isang sistema na itinaguyod para magkaroon ng suporta ang lahat ng mga tao sa kanilang pagpapagamot sakaling sila ay magkasakit. Ang national health insurance tax ay isa sa pinagkukuhanan ng pundo para masuportahan ang sistemang ito. Ang notisya ng pagbayad ng buwis ay ipinapadala sa householder. Huwag kaligtaang bayaran ang buwis. Ang pagkalkula ng babayarang buwis ay mula sa petsa ng paglipat at kahit mahuli sa pagpa rehistro ay kabilang na sa pagkalkula ng buwis. Ang buwis para sa pangangalaga ng matanda ay ipapataw sa mga may edad mula 40 ~ wala pang 65 taong gulang.

May nakapag-balita na kagaya ng [Nagkasakit kaya nagpunta sa ospital. Pero dahil sa walang health insurance at malaki ang babayaran ay itinigil ang pagpapagamot. Lumala ang sakit kung kaya't umuwi na lang sa sariling bansa. Hindi nagtagal at binawian ng buhay. Ang Japan ay isa sa mga bansang mataas ang larangan sa medisina. Huwag tayong manghinayang sa konting halaga kung ang kapalit naman ay ating buhay. Sumapi tayo sa national health insurance!]

Mabuting asal sa ospital

「Siguraduhin at alaming mabuti」

●Habang nag-aantay para sa konsultasyon

- Huwag makipagdaldalan sa malaking boses.
- Ilagay sa silent mode ang cellphone. Makipag-usap gamit ang cellphone sa takdang lugar lamang.
- Kung may kasamang bata huwag silang hayaang mag-iingay.
- Gumamit ng mask kung inuubo o humahatsing



●Sa pagpa-kunsulta

- Huwag uminom o kumain bago magpa-kunsulta.
- Magsuot ng komportableng damit.
- Mga nais sabihin o itatanong sa duktore ay isipin na bago ang konsultasyon.

●Pag ni-resetahan ng gamot

- Sundin ang tamang oras, bilang at paraan ng pag-inom ng gamot



●Pagbisita sa maysakit sa ospital

- Sundin ang tamang oras ng pagbisita
- Alamin at magpaalam sa kapamilya ng maysakit kung maaring dalawin ang maysakit.
- Huwag dadalaw sa ospital na maraming kasama.
- Kung maari ay huwag magsama ng bata sa ospital.



FICEC Cultural Event Café FICEC



Mga pangkulturang ebento ay itinatanghal sa FICEC kada buwan. Ngayong Nov. ay Philippines' day. Magkuwentuhan, kumain ng merienda at sumayaw tayo ng Filipino dance.

- ◆Saan : Fujimino Int'l Cultural Center (FICEC)
- ◆Kailan : Nov. 24 (Linggo) 14:00~
- ◆Libre ang pagsali (Maaring magdala ng snacks)
- ◆Tumawag at magpalista : Ms. An (tagapamahala)
Tel. 049-256-4290

App para sa tamang paghihiwalay ng basura sa Fujimi-shi ay maari nang i-download!

Para sa mga dayuhang naninirahan sa Fujimi-shi ay ginawa ang app (smart phone users) para ma-check ang tamang paghihiwalay ng basura at iskedyl ng pagkolekta. Ito ay mababasa din sa English, Chinese at Korean. Matitingnan din ang kalendaryo ng iskedyl ng pagkolekta at tamang pagtapon ng basura, alert at emergency notices.



Android



iPhone



Tumawag sa : Resource Recycling
Enviro Dept. Environmental Division
Tel. 049-252-7100

Pagluluto ng Japanese Food



Noong nakaraang Sept.17 ay nagkaroon ng pagluluto ng Japanese food ang mga mag-aaral ng Nihongo. Itinuro sa kanila ang paggawa ng makisushi at atsuyaki tamago. Masaya ang lahat at madali din nilang natutunan. Ang Nihongo Class ay tuwing Huwebes mula 10 am. Nagkakaroon din ng iba pang mga ebento. Sa Nov. ay pamamasyal para makita ang namumulang mga dahon ng taglagas. Sa Dec. ay paggawa ng soba para sa bagong taon. Halina at sumali tayo!